

COVID-19 at ang mga Karanasan sa Pabahay ng mga Imigrante, Refugee at Pansamantalang Residente na Naninirahan sa Newfoundland at Labrador

Kami ay mga mananaliksik ng Department of Geography sa Memorial University. Nagsasagawa kami ng isang pag-aaral para malaman ang mga karanasan sa pabahay ng mga imigrante, refugee at pansamantalang residente (kasama ang mga internasyonal na mag-aaral, mga migranteng manggagawa, at mga bisita) sa NL. Ginagawa namin ang pagsasaliksik na ito na may pakikipag-ugnayan sa Association for New Canadians (ANC), Public Legal Information Association of Newfoundland at Labrador (PLIAN), Municipalities of Newfoundland and Labrador, at ng Happy Valley-Goose Bay Housing and Homelessness Coalition. Ang paglahok sa pag-aaral na ito ay hindi kinakailangan para matanggap ang anumang mga programa at serbisyo na iniaalok ng mga organisasyong ito.

Ang survey ay kusang-loob at hindi nito aalamin ang iyong pagkakakilanlan. Mababasa ito sa wikang Ingles, Arabe, Tagalog, at Tigrigna.

Maaari itong makumpleto sa loob nang hindi hihigit sa 20 minuto. Sa pagtatapos ng survey, magkakaroon ka ng pagkakataon na makasali sa isang palabunutan at manalo ng isa sa 25 na visa gift cards na may halagang \$50.

Para makasali sa pag-aaral na ito, kinakailangang ikaw ay:

- ✓ Lampas sa edad na 18
- ✓ Kasalukuyang nakatira sa Newfoundland at Labrador (permanente o pansamantala)
- ✓ Ipinanganak sa labas ng Canada at namalagi ng 10 taon o mas mababa sa Canada
- ✓ Nakarating sa Canada bilang isang internasyonal na mag-aaral, pansamantalang manggagawa, refugee (Protected Person), imigrante, at / o isang bisita (turista, o miyembro ng pamilya ng isa sa iba pang mga kategorya)
- ✓ Maaaring makilahok ang mga mamamayan ng Canada kung natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas

Kung interesado kang lumahok sa pag-aaral na ito, mangyaring i-click ang sumusunod na link o i-scan ang QR code.

https://mun.az1.qualtrics.com/jfe/form/SV_4YJ8Ht0Ep8gQcC2



Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aaral na ito, mangyaring makipag-ugnayan kay Yolande Pottie-Sherman sa ypottiesherm@mun.ca.

Ang proposisyon para sa pag-aaral na ito ay nasuri ng Interdisciplinary Committee on Ethics in Human Research at napatunayang sumusunod sa patakaran sa etika ng Memorial University. Kung mayroon kang mga alalahanin sa etika tungkol sa pag-aaral na ito, tulad ng paraan ng pagtrato sa iyo o iyong mga karapatan bilang isang kalahok, maaari kang makipag-ugnayan sa Tagapangulo ng ICEHR sa icehr@mun.ca o sa telepono na 709-864-2861.